



# UGNAYAN

## MGA KUWENTO NG TALÁBAN SA PAMAYANANG UP DILIMAN

**EKSIBISYON PARA SA IKA-75 NA ANIBERSARYO NG PAGLIPAT NG *OBLATION* MULA ERMITA PATUNGONG DILIMAN**

# UGNAYAN

## MGA KUWENTO NG TALÁBAN SA PAMAYANANG UP DILIMAN

**Eksibisyon para sa ika-75 na anibersaryo ng paglipat ng *Oblation* mula Ermita patungong Diliman**

12 - 22 Marso 2024
Bulwagang Palma, Bulwagang Benitez, at UP Academic Oval

Ang hugis at hubog ng isang pamayanan ay hinuhulma ng mga magkakahabing ugnayan sa loob at labas nito. Sa ugnayang ito, nagtatagpo ang iba't ibang pananaw, pamamaraan ng pag-alam at paggawa, at sistema ng halagahan. May kaakibat na talim at bísa ang mga elementong ito sa isa't isa—mga pagtatalában na maaaring magdulot ng pagtatása at pagyabong. Sanhi ang mga ito, kasama ang mga salik na nagbabago sa pagdaan ng panahon, sa pagkadinamiko ng pamayanan.

Maituturing na isang makulay na pamayanan ang UP Diliman. Bago pa man inilipat ang *Oblasyon* mula sa Ermita noong 1949 na naging hudyat ng pamamalagi sa bagong saklaw nitong lupain sa Diliman, ang pamantasan ay isa nang pook ng mga pingkian, tunggalian, damayán, at bukluran. Ang mga ito nga marahil ang dahilan kung bakit malimit sabihin na ang pamantasan ay tila mikrokosmo ng bayan. Batid ang orihinal na hangad para sa pamantasan, litaw rin mula noon hanggang sa kasalukuyan ang marubdob na lapit at pakikibahagi nito sa mas malawak na lipunan. Nilalayon ng eksibisyon na maipamalas ang mga talában sa mga ugnayang humahabi sa pamantasan, upang mas maunawaan pa ang mga napagtagumpayan, kabiguan, at pagkanatatangi nito bilang isang pamayanan.

Tumutungtong sa eksibisyong *"Lupang Hinirang: Mga Kuwento ng Pagsasalugar ng UP Diliman,"* na unang itinayo noong 2019, ang paghaharaya sa pamayanang UP Diliman ay isasagawa sa pamamagitan ng mga kuwento—institusyonal man o hindi, limbag man o hindi pa. Ang mga ito ay maaaring nasa anyong pasulat, pasalita, at biswal. Kinikilala rin ng eksibisyon ang kapangyarihan ng mga kuwento na makahubog ng pagtingin, pagkilala, at pag-intindi sa isang pamayanan, kaya naman ang pagbuo ng eksibisyong ito ay pagbibigay ng tinig—ng kapangyarihan.

Sa pagtanaw ng pamantasang bayan sa kinabukasan, dala nito ang mga aral mula sa pagtalima sa nakaraan ng kanyang pamayanan, at ang kritikal na pagsusuri sa mga salik ng kanyang kasalukuyan.





# HUDYAT

Isang malaking pagbabago sa Unibersidad ng Pilipinas ang paglipat ng pangunahing kampus nito sa Diliman, kaya naman naging isa itong mahabang usapin sa pamayanan. Pinaniwalaan ng mga tagapagsulong ng paglipat na makahahadlang sa paglago ng pamantasan ang patuloy na urbanisasyon sa Maynila at ang mga usaping kaakibat nito. Bagaman may suporta mula sa pambansang pamahalaan ang kilos na ito, tinutulan ito ng ilang miyembro ng pamayanan na kumilatis sa pangangailangan para rito. Ngunit nang sumiklab ang digmaan noong dekada '40 at naging sentro ng engkuwentro ang Maynila, napinsala ang mga gusali ng pamantasan sa Ermita. Dahil dito, mas nadama ang pangangailangang makalipat ng kampus, na sinimulan nang hulmahin noong nakaraang dekada. Noong 11 Pebrero 1949, ipinarada ang *Oblasyon* mula Maynila patungong Diliman, na hudyat din ng pagtatapos ng paglipat at pagsisimula ng pamamalagi ng pamayanan sa bagong saklaw na lupain. Ipinakikita sa seksiyong ito ang mga pingkian ng mga perspektiba, at ang impluwensiya ng mas malalaking puwersa at mga pangyayari sa lipunan sa puntong ito ng kasaysayan ng pamantasan.

Ang kampus ng Unibersidad ng Pilipinas sa Ermita, Maynila, 12 Oktubre 1939

Mula sa War Department, Army Air Forces, US National Archives; kopya mula kay John Tewell







Mapa kung saan makikita ang kalupaan ng Unibersidad ng Pilipinas sa Ermita at Diliman


Mula sa *Resurgence of the University* (1948)



Noong 11 Pebrero 1949, ipinarada ang ***Oblasyon*** mula sa Ermita patungong Diliman, na nagsilbing hudyat ng pagsisimula ng pamamalagi ng pamayanan sa Diliman.


Mula sa *The University of the Philippines: A University for Filipinos* (1984) at Fundacion Sansó





# PAGTATAGPO

Hindi isang blangkong kambas ang Diliman nang ito ay panirhan ng pamayanan ng pamantasan. Bago pa man nabuo ang Mariquina Estate ng mga Tuason na nakausap ng pambansang pamahalaan sa pagbili ng lupain ng Diliman bilang bahagi ng ipinaplanong Lungsod Quezon, sinasabing ito ay matagal nang binubungkal at nililinang ng mga magsasaka mula sa iba't ibang bayan, tulad ng Krus na Ligas. Inilagak sa seksiyong ito ang mga materyales mula sa pamayanan ng Krus na Ligas na gumigiit sa matagal na nilang pamamalagi rito, sa tabi ng pagsasamapa ng unti-unting paghulma ng lupain bilang isang ganap na kampus na susuporta sa mga gawaing akademiko ng pamantasan. Mahihinuha rito na ang mga dating bukirin at talahiban ay unti-unting pagtatayuan ng naglalakihang mga gusali at mga kalsada. Malaking pagbabago nga sa pamayanan ng Unibersidad ng Pilipinas ang paglipat nito, ngunit malaki rin itong pagbabago sa mga pamayanan na nauna sa lupaing ito.




Mapa ng kampus ng UP Diliman, ca. 1950s

Ang plano sa kampus para sa Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman ay hango sa ideolohiyang "City Beautiful" ni Pangulong Quezon at arkitekturang may impluwensya ng mga Amerikano ngunit nakaayon sa tropikal na klima ng bansa. Ito ay hinaraya ng mga Amerikanong arkitektong sina William Parsons at Harry Frost.

Mula sa arkibo ng eksibisyong "Lupang Hinirang: Mga Kuwento ng Pagsasalugar ng UP Diliman"

Ang mga gusali ng Edukasyon at ng Batas ay ang mga naunang itinayong estruktura sa bagong kampus ng UP Diliman.





Mula sa koleksyon ni Dr. Ricardo Jose at *Sites and Symbols: UP Diliman landmarks* (2000)

Mayabong at matingkad na ang kasaysayan ng Krus na Ligas (KNL) na dating bahagi ng noo'y Mariquina, ilang siglo bago pa man maitatag ang Lungsod Quezon.




Larawan ng simbahan ng KNL mula sa orihinal nitong itsura na bato.

Mula sa *Quezon City at 75: Resurgent & Resilient* (2014); kopya mula sa UP Main Library Filipiniana Section

Mga sakahan at magsasaka ng KNL

Mula sa koleksyon ni Julian B. Santos







# PAMAMALAGI


Sa proseso ng pamamalagi ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, lumalalim ang pag-uugat at pagsasalugar ng pamayanang ito sa bago nitong tahanan. Patuloy nitong tinitimon ang sariling pagkakakilanlan bilang pamantasang bayan sa harap ng malalaking pagbabago, habang bitbit ang ilan sa mga gawi, sistema, at kulturang matagal nang isinasabuhay sa Ermita. Sa prosesong ito, mas lumilitaw ang pagtatagpo ng mga danas at pananaw, hindi lamang sa pagitan ng mga mag-aaral, guro, at kawani ng pamantasan, kundi pati na rin ng dinatnang pamayanan at mga nakipagsapalarang migrante kasabay ng pagtatatag nito.

Mula sa mga usaping akademiko, paninirahan, komersiyo, transportasyon, hanggang sa malayang pamamahayag at seguridad, malaki ang ginagampanang papel ng iba't ibang miyembro ng pamayanan sa pananatili at pag-unlad ng pamantasan mula noon hanggang sa kasalukuyan. Batid ng seksiyong ito ang mga pingkian, tunggalian, damayán, at buklurang nabuo sa mga aspekto na ito ng pamantasan—mga talábang humuhulma sa pagkanatatangi ng pamayanang ito.



# Usaping Akademiko

Isang pamayanan ng malayang pag-iisip ang Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Batid ito sa Konseho ng Unibersidad na siyang tagpuan ng mga perspektiba sa mga diskurso at isyung napapanahon sa loob at labas ng pamantasan. Maaaring sabihing sentro sa pagbuo ng malayang pag-iisip ang programang GE (General Education), na humuhubog sa mga mag-aaral sa pag-uugnay-ugnay ng iba't ibang mga kaalaman at paghabi ng sistema ng halagahan bilang aktibong miyembro ng lipunan. Sa harap ng mapanuksong espesyalisasyon at pamilihang global, maging ng estadong pang-ekonomiya sa bansa, nagkaroon ng mga kompromiso sa pagsasagawa ng programa, pati na rin ng ilang mga pagbabago sa estrukturang pang-akademiko ng pamantasan.






Noong 1960, nabuo ang University College sa ilalim ng College of Liberal Arts (LA), para mamahala sa bagong buong GE program na pinagdaanan ng mga mag-aaral sa unang dalawang taon nila sa pamantasan.

Mula sa *The Philippinensian 1966*, kopya mula sa University Archives; at sa *University College Journal*, kopya mula kay Prop. Robin Rivera

Sa harap ng mga banta sa GE Program, pinatakbo ang kampanyang Sagip GE. Nagsagawa dito ng serye ng mga *forum*, *pin wearing*, at iba pang mga aktibidad para suportahan ang pagpapanatili ng programa sa unibersidad.

Disenyo ng *sticker* ni Rowena Bayon







Nagsangang-daan ang Kolehiyo ng Sining at Agham noong 1983, at nabuo ang mga Kolehiyo ng Arte at Literatura, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, at Kolehiyo ng Agham. Ngunit bago naganap ito, nagkaroon ng mga pagtatalo ukol sa mga magiging epekto nito sa holistikong edukasyon sa pamantasan.

Mula sa *SINAG*, taon IX, blg. 1 (Nobyembre 1983), kopya mula sa University Archives

Noong 2016, tinupok ng apoy ang Faculty Center. Kasabay ng gusali ang mga kultural na yaman ng mga guro. Hanggang sa ngayon, ang mga gurong ito ay naghihintay pa rin na mabuo ang kanilang permanenteng tahanan sa kampus.

Kuha ni Chad Booc






# Paninirahan

Dahil sa layo ng bagong kampus, naging mahalaga ang pagbuo ng mga espasyong tirahan sa Diliman para sa mga mag-aaral at mga kawani ng pamantasan. Nagsimula muna silang manirahan sa mga napag-iwanang *quonset hut* na ang dingding ng ilan ay yari sa sawali, at hinayaan ding magtayo ng sariling tirahan ang mga kawani, habang binubuo ang mga mas permanenteng dormitoryo at pabahay. Bukod sa akademikong pamayanan, itinuturing na ring tahanan ang kampus ng ilang mga pamayanan na patuloy na pinagbabantaan ng kawalang katiyakan sa kanilang panunuluyan. Sa pagdaan ng mga taon, ilang beses ring naging bukas ang pamayanan sa pagpapatulóy sa ibang pamayanan na nawalan na ng sarili nilang tahanan.

Mga *cottage* na iniwan ng mga sundalong Amerikano na ginamit bilang pansamantalang pabahay para sa mga guro at kawani.

Mula sa *Resurgence of the University* (1948); kopya mula sa University Archives





Unti-unti ring binuo ang mga dormitoryo para sa mga mag-aaral. Para sa mga lalake, una rito ay ang Men's North Residence na kilala ngayon bilang Molave Residence Hall. Itinayo naman para sa mga kababaihan ang Women's Residence na ngayon ay Kamia Residence Hall.

Mula sa *The Philippinensian 1950*

Ang ilang naunang pabahay para sa mga guro at kawani ay nabuo mula sa inilaang pondo ng pamantasan bilang pautang upang hikayatin ang sila na magpatayo ng mga bagong tirahan.

Mula sa *Sites & Symbols 2* (2005)






May mga bahagi ang kampus na matagal nang pinaninirhan ng iba't ibang mga pamayanan, ngunit ilan na sa mga ito ang giniba at pinalipat ng administrasyon ng pamantasan, upang makapagpatayo ng mga gusali at pasilidad para sa akademikong pamayanan.

Mula sa *SINAG*, Nobyembre 1983; kopya mula sa koleksyon ng University Archives

Ang pamantasan ay matagal nang nagbubukas ng kanyang mga pinto sa mga pamayanang nawalan ng kanilang tahanan gaya ng mga Lumad at mga *refugee* mula sa Palestina.


Mula sa Save Our Schools Network






# Serbisyo sa Pagkain at Komersiyo

Mahalagang bahagi ng pamayanan ang maayos na serbisyo sa pagkain na hatid ng mga espasyong pangkomersiyo. Nang lumipat ang UP sa Diliman, nagsilbing sentro ng komersiyo ang Little Quiapo sa kampus. Sa paglipas ng panahon, napalitan ito ng UP Shopping Center, mga kainan sa Area 2, mga kantina sa mga kolehiyo, at mga *kiosks*. May sarili ring palengke at talipapa ang mga karatig pook ng pamantasan na nagsisilbing pamilihan rin ng mga miyembro ng pamayanan. Matalik na nakahabi sa kasaysayang ito ang kuwento ng ilang dekadang pakikibaka ng mga manininda sa kampus laban sa kakulangan sa espasyo at malawakang komersiyalisasyon ng pamantasan na kasalukuyan
pa ring nararanasan.



Ang unang sentro ng komersiyo sa kampus ay ang Little Quiapo na binubuo ng mga kainan, mga tindahan, barberya, at parlor.

Mula sa *A History of the University of the Philippines volume 1* (2020)

Umusbong din ang iba't ibang kantina sa kani-kaniyang kolehiyo o opisina tulad ng College of Arts and Sciences Alumni Association Food Center o mas kilala bilang CASAA. Nasunog ito taong 2015.

Mula sa *The University of the Philippines: A University for Filipinos* (1984)





Dekada '70 nang itinayo ang UP Shopping Center. Iba't ibang paninda at serbisyo ang inaalok ng bawat puwestong bumubuo rito gaya ng *photocopying* at *bookbinding services*, mga gamit sa opisina at eskuwela, at marami pang iba. Hindi maikakailang naging sentro ito ng komersiyo sa pamantasan sa loob ng mahabang panahon. Taong 2018 nang matupok ito ng apoy.

Mula kay Prop. Wendell Capili

Ang Area 2 ay isang distrito ng mga kainan na nag-aalok ng iba't ibang uri ng pagkain. Pinakatanyag nang maituturing ang kainang Lutong Bahay, na popular sa mga atleta at mga mag-aaral na nais makatipid.


Mula kay Joan Lilo-an






Taong 1982, inaprubahan ng mga Rehente ng Unibersidad ang mga alituntunin para sa mga *kiosk* at *mobile food truck*. Nagkaroon ng banta ng pagpapaalis sa mga *kiosk* na nakatayo sa palibot ng Academic Oval noong 2005 na tinutulan ng mga manininda at iba pang miyembro ng pamayanan.


Mula sa koleksyon ni Narry F. Hernandez




# Transportasyon

Kilala ngayon bilang EDSA, ang Highway 54 lamang ang nag-iisang lansangang maaaring bagtasin patungong Diliman sakay ng Halili Bus noong lumipat ang pamantasan. Taong 1957 na nang magkaroon ng Ikot Jeep sa kampus, na kalaunan ay sinundan ng mga dyip na may ibang ruta. Dahil dito, naging lagusan ng iba't ibang uri ng tao ang kampus na noo'y itinuturing na nakawalay sa kabihasnan. Bilang isang hakbang upang isulong ang likas-kayang pag-unlad, inilunsad ang mga *electric tricycle* na *UP E-kot*. Sa kasalukuyan, hinaharap ng mga tradisyonal na dyip ang banta ng *phaseout* sa kabila ng mahalagang tungkulin nila sa transportasyon ng UP at ng bansa.



Ang unang pampublikong transportasyon sa kampus ay ang mga bus ng Halili Transit. Mayroon ring mga iniwang sasakyang pandigma ang US Army na ginamit ng pamantasan.

Mula sa *Manila Chronicle* (1958) at *The Philippinensian 1950*

Naisapormal ang operasyon ng Ikot Jeep sa ikalawang bahagi ng dekada '50. Nang matigil ang biyahe ng mga bus sa kampus, ito ang naging pangunahing kaagapay ng mga komyuter hanggang sa kasalukuyan.

Mula sa *The Carillon*




Noong 2015, inilunsad ang mga *electric tricycle* na tinaguriang *UP E-kot* para sa mas ligtas at makakalikasang transportasyon sa kampus.

Kuha ni Leonardo A. Reyes
mula sa UP Diliman Information Office






Mula noon hanggang ngayon, nakikiisa ang mga miyembro ng pamayanan ng pamantasan sa mga tsuper ng dyip sa iba't ibang banta sa kanilang pamumuhay, tulad noong 1971 sa Diliman Commune, at sa kasalukuyan—sa harap ng banta ng *jeepney phaseout*.

Mula sa *The University of the Philippines: A University for Filipinos* (1984)



# Malayang Pamamahayag at Seguridad

Bilang pamantasang bayan, ang Unibersidad ng Pilipinas Diliman ay lunsaran ng kritikal na pagpuna sa mga isyung panlipunan. Makikita ito sa mga publikasyon at komentaryong isinulat at mga programang isinagawa kahit noong nasa Ermita pa ito, pati na rin sa pagsasagawa ng pagkilos hinggil sa mga napapanahong pangyayari sa mga lansangan simula noong dekada ’60. Nakilahok ang mga kabataan sa Sigwa ng Unang Kuwatro ng 1970 at binuo ang Diliman Commune noong 1971, kung saan isinara ang kampus mula sa mga militar at kapulisan bilang tanda ng kanilang pakikiisa sa mga tsuper. Hindi lumaon, pinagtibay ang UP-DND Accord—at ang naunang Kasunduang Soto-Enrile—upang mapanatili ang kaligiran na bukás sa malayang pamamahayag. Limang dekada matapos ng pagsasagawa ng komyun, winakasan ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa ang kasunduan, na isang pagpapahiwatig ng patuloy na pagbabanta sa seguridad sa pamantasan. Kaya naman patuloy pa rin ang pagsusumikap ng pamayanan na ipaglaban ang kanyang karapatan.

Isang protesta ng mga mag-aaral ng pamantasan laban sa resulta ng pambansang eleksyon noong 1969

Mula sa *The Carillon: Official Publication for the University Alumni*, tomo XII, blg. 8, 1969, kopya mula sa UP Main Library Serials Section






Larawan ng paglalagay ng bandera sa *Oblasyon* bilang panawagan sa mga partikular na isyung panlipunan noong 1969. Nagsimula ang tradisyong ito noong 1957 kung saan, sa unang pagkakataong ito, binalutan ng itim na tela ang *Oblasyon* at sinabitan ng mga plakard ang kanyang mga kamay. Nagbunsod ito ng militanteng pagpapakahulugan sa *Oblasyon*.

Mula sa *The Carillon: Official Publication for the University Alumni*

Bilang pakikiisa sa panawagan ng mga tsuper laban sa hindi makatarungang pagtaas ng presyo ng krudo at gasolina, naglunsad ang mga mag-aaral ng kilos-protesta at barikada. Ito ang naging mitsa ng siyam na araw ng Diliman Commune noong Pebrero 1971.

Mula sa *Philippine Collegian*



Ipaghiganti si Pastor Mesina! | The PHILIPPINE COLLEGIAN | Struggle against militarization of the campus!

Official Weekly Student Newspaper of the University of the Philippines

Vol. XXIII New Series No. 23 | Diliman, Quezon City | Huwebes, Peb. 4, 1971

Makikita sa larawan sa kaliwa, ang ginawang paglusot ng mga hukbong militar sa UP at pananakit sa sinumang maabutan nito. Namamayani ang batas ng baril sa halip na batas ng katwiran. Pinatunayan ng mga mag-aaral (sa itaas), ang kanilang katatagan nang buuin ng kanilang mga katawan ang isang barikada sa University Avenue. Patuloy nilang binigyang-diin ang pagtutol laban sa pasiya ng PCC. (Kuha ni Nory Palanca)

**Sinalakay ang UP!**




Noong 2021, ipinabatid ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa ang abrogasyon ng UP-DND Accord na banta sa seguridad ng mga pamayanan sa loob ng mga kampus ng pamantasan, at sa malayang pamamahayag at pagprotesta.

Kuha ni Ma. Sophia Sibal, larawan mula sa *Philippine Collegian*

Ang UP Lantern Parade at UP Fair ay nagsisilbi ring mga alternatibong paraan at espasyo para sa pagpapahayag ng mga panawagan at adbokasiya ukol sa mga suliraning kinakaharap ng pamantasan at lipunan.

Mula kay Siska Santiago



# PAMAYANAN SA MGA LARAWAN



**Lantern Parade**

Pormal na naitatag noong 1934, ngunit unang isinasagawa noong 1922, nagpaparada ng mga makukulay na likhang parol ang iba't ibang yunit ng pamantasan bilang pagsalubong sa papalapit na Kapaskuhan.

Mula sa *Celebrating the Birth and Rebirth of the U.P. College of Liberal Arts (1910-1983)* (2011)



**Cadena de Amor**

Mula 1934 hanggang 1968, taunang isinasagawa ang Cadena de Amor, kung saan seremonyal na ipinapasa ang halamang cadena de amor ng mga kababaihang magsisipagtapos habang nakagayak ng kulay puti.

Mula sa *The Philippinensian 1951*



**Mga Puno ng Acacia sa Academic Oval**

Sa mga unang taon ng pamamalagi ng pamayanan sa Diliman, itinanim ang mga punla ng mga acacia na nasa kahabaan ng Academic Oval. Ito ay sinundan ng pagtatanim pa ng mga puno sa Arbor Day noong Setyembre 1953.

Mula sa *Celebrating the Birth and Rebirth of the U.P. College of Liberal Arts (1910-1983)* (2011)




**"Ecumenical Chapel"**

Bago naitayo ang Parish of the Holy Sacrifice at ang Church of the Risen Lord, ginagamit ang isang kamalig para sa pagsamba ng pananampalatayang Katoliko, Kristiyano, at Aglipayan.

Mula sa *The Philippinensian 1949*

Sa mahabang panahong pamamalagi ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman, iginuhit nito ang maraming kuwentong higit na nagpayaman sa kanyang kasaysayan bilang isang pampublikong institusyong ginagalawan ng iba't ibang sektor. Mula sa mga institusyon at mga makasaysayang pangyayari at tradisyon, hindi maikakailang hitik ang pamantasan sa yamang ito. Sulyapan ang ilan sa mga ito sa seksiyong ito.



FILE

The REBEL COLLEGIAN

Vol. I, No. 2 August 31, 1973

ON THE CREATION OF THE C.O.N.C.O.M.S.A.

Recent campus developments have led to the creation of the Consultative Committee on Student Affairs (CONCOMSA), an S.P. Lopez brainchild, which purportedly seeks to fill up the vacuum left by the dissolution of the Office of the Student Regent. To [illegible] understand the real nature of this new Administration-sponsored concoction we must trace the developments back to the beginning of the semester.

June this year saw a resurgent, more active Office of the Student Regent (OSR) very much alive to the interests of the broad masses of the U.P. students -- much to the relief of the students. The suspension of the UP Student Council in September of last year had left the studentry leaderless, and the absence of the former had been sorely felt. The Freshman Orientation Program, the petition for a refund of the tuition fee hike, the Mindanao Refugee Fund Campaign, the welding of UP student organization heads into the League of Student Leaders, the Tour of Diliman, were only some of the projects initiated by the newly-born Office of the Student Regent. When there was a growing demand for the holding of general elections, the OSR quickly took up the cudgels for the students. It was while finalizing its proposals for student elections as well as for the selection of the new Collegian editor that the OSR was dissolved due to a Malacañang "opinion" that the term of the student regent had already

**Rebel Collegian**

Dahil sa paniniil sa malayang pamamahayag noong panahon ng Batas Militar, nilabas ng ilang miyembro ng *Philippine Collegian* sa unang pagkakataon noong Setyembre 1972 ang *Rebel Collegian*, na tahasang naglimbag ng mga artikulo na hindi ilalabas ng regular na *Collegian*.

Mula sa *Philippine Collegian*



**UP Fair**

Dekada '80, noong panahon ng diktadura, nang unang idinaos ang UP Fair bilang isang porma at plataporma ng protesta. Nagsilbi rin itong malayang entablado para sa sining, at naging lunsaran ng maraming artista at musiko sa katanyagan man o pakikibaka.

Kuha ni Mirko Clemente



**Balay Kaibigan**

Tahanan rin sa maraming hayop gaya ng mga aso't pusa ang UP Diliman. Ang Balay Kaibigan ay itinatag noong 2019 upang magsilbing sentro ng mga serbisyo at insiyatibang may kaugnayan dito, katulad ng libreng pagkakapon at mga pagsasanay para sa mga *emotional support animals*.

Mula kay Prop. Khrysta Imperial Rara



**Mga Organisasyong Panrehiyon**

Ang mga grupong panlalawigan, panrehiyon, at etnolinggwistiko ay kanlungan ng mga mag-aaral mula sa iba't ibang sulok ng bansa, at lunduyan ng kanilang tradisyon. Ang UP Aguman na binubuo ng mga mag-aaral mula sa Pampanga ang pinakamatandang organisasyong panrehiyon na aktibo pa rin sa pamantasan.

Mula sa UP Aguman



# PAKIKIBAHAGI

Ang kasaysayan ng UP Diliman ay nakahabi sa kasaysayan ng bayan. Kaakibat ng mga pagbabago sa nagdaang mga dekada ay ang mga pagsusumikap ng mga miyembro ng pamantasan na tupdin ang mithiing makiugnay at makibahagi sa mas malawak na lipunan at kagyat na tumugon sa mga kakulangan at suliraning kinakaharap ng sambayanan. Nasaksihan agad ito sa pag-usbong ng damdaming makabayan ng mga mag-aaral at mga pagkilos sa unang dekada pa lamang ng pamamalagi sa Diliman.

Ang bagong siglo, kasama ng pag-unlad ng teknolohiya, paglaganap ng globalisasyon, at hamon ng malawakang pandemya, ay naghudyat ng mga bagong realidad sa pamantasan. Bilang tugon sa mga ito, itinatanghal sa seksiyong ito ang ilang proyekto at inisyatibang bunga ng mga programang pang-ekstensiyon, pakikipag-ugnayan sa ibang institusyon, at direktang pakikisangkot sa mga pamayanan. Bagaman kinikilalang hindi pa natatapos ang pagpupunyagi at pakikibahagi, nagbunga ito ng mga hindi matatawarang kontribusyon sa iba't ibang larangan ng buhay.

# *Homo luzonensis*

Muling nailagay sa mapa ng arkeolohiya ang bansa sa pagkakadiskubre ng *Homo luzonensis*, isang bagong *species* ng *hominin* na nabuhay sa isla ng Luzon 50,000 hanggang 67,000 taon na ang nakararaan. Ang bagong *species* na ito ay nahukay ng grupo ni Prop. Armand Salvador B. Mijares ng UP Diliman Paaralan ng Arkeolohiya sa Kuweba ng Callao ng Tuguegarao noong 2019.








Mula kay Prop. Armand Mijares

# Jose Maceda Collection


Noong 2008, naging bahagi ng UNESCO Memory of the World ang Jose Maceda Collection na pinamamahalaan ng UP Sentro ng Etnomusikolohiya. Laman ng koleksyon ang mahigit 1,760 oras ng *tape recording*, *field notes,* at mga larawan ng iba't ibang tradisyonal na musika at musiko mula Timog-Silangang Asya sa pagitan ng 1953 at 2003. Ang koleksyon ay binuo sa pangunguna ni Pambansang Alagad ng Sining Jose Maceda, mula sa Kolehiyo ng Musika, katuwang ang kanyang mga *staff* at ang maraming iskolar ng tradisyonal na musika.

Mula sa UP Sentro ng Etnomusikolohiya

# Project NOAH

Isa sa pinakamalalaking programa sa larangan ng agham ng huling dekada na naghawan para sa mas mapangahas na pananaliksik sa hanay ng mga siyentistang Filipino ay ang Project NOAH (Nationwide Operational Assessment of Hazard). Sa pagtutulungan ng Department of Science and Technology (DOST), UP National Institute of Geological Sciences, at UP Kolehiyo ng Inhenyeriya, naging instrumental ang Project NOAH para sa pagbibigay ng impormasyon at kagamitan sa mga pinakabulnerableng komunidad para maiwasan o maibsan ang epekto ng mga natural na sakuna magmula 2015.








Mula sa arkibo ng UP Diliman Opisina ng Impormasyon

# STAMINA4Space

Pinapangunahan ng Space Technology and Applications, Mastery, Innovation and Advancement o STAMINA4Space ang pagpapaunlad ng lokal na kasanayan ng mga siyentistang Pilipino para sa siyentipikong obserbasyon ng mundo at sa aplikasyon nito sa *disaster risk reduction and management*, *resource assessment*, *environmental monitoring* at marami pang iba. Mula 2018 ay nakapagpadala ang bansa, sa pamamagitan ng naturang programa, ng anim na *microsatellite* (DIWATA 1 at 2, at MAYA 1, 2, 3, at 4) sa kalawakan.








Mula sa STAMINA4Space

# Atin ang Pinas!

Mula nang matuklasan ang reserba ng petrolyo sa West Philippine Sea noong dekada ’70 ay naging mainit na ang teritoryong ito sa mata ng mga mananakop. Ang patuloy na panghihimasok ng mga barko ng US at Tsina sa mga karagatan ng bansa nitong huling limang dekada ang nag-udyok sa mamamayang Pilipino na patindihin ang laban para sa integridad at soberanya ng mga teritoryo ng bansa. Naging makasaysayan sa labang ito ang naging desisyon ng Arbitral Tribunal sa South China Sea Arbitration (The Republic of the Philippines v. The People’s Republic of China) na nagdiing nilabag ng Tsina ang United Nations Convention on the Laws of the Sea (UNCLOS) sa mga naging aktibidad nito sa mga isla ng Pilipinas. Dahil dito ay ipinagbawal ng naturang desisyon ang panghihimasok ng mga barko ng Tsina sa Exclusive Economic Zone (EEZ) ng bansa. Sa ganang ito ay itinayo ng mga progresibong organisasyon at indibidwal ang malawak na alyansang Atin ang Pinas! upang ipagpatuloy ang laban para sa pambansang kasarinlan. Naging lunsaran at bahagi ang UP Diliman ng mga aktibidad ng naturang alyansa mula sa mga lektura, kumperensya, at mobilisasyong pinangunahan nito.










Mula sa League of Filipino Students

# Batas Militar





Mula sa UP Diliman Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining

**Day of Remembrance**

Dag-im na patuloy na bumabalot sa bansa ang kasaysayan ng Martial Law. Pinatunayan ng resulta ng eleksyong 2022 kung papaanong ang mga katotohan sa pangyayaring ito ay binabaluktot sa maraming daluyan ng impormasyon na nagresulta sa rehabilitasyon ng pamilya Marcos at sa kanilang panunumbalik sa Malacañang. Tugon sa karimarimarim na kalagayang ito ang paglulunsad ng UP Diliman sa pangunguna ng Opisina ng Pagpapasimuno sa Kultura at mga Sining ng proyektong "ML@50: Tugon at Tindig ng Sining" noong Setyembre 2022. Laman ng naturang proyekto ang serye ng mga lektura, *film viewing*, *exhibit*, at publikasyon na layong ipaalala, mula sa perspektiba ng mga manggagawang pangkultura, ang totoong kalagayan ng bansa sa panahon ng diktadurya.

**PS 21**

Kasabay ng pagsisikap na gunitain ang ika-50 na anibersaryo ng proklamasyon ng Batas Militar noong 2022, opisyal na inilunsad ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng UP Diliman ang bidyo ng mga lektura at aklat palihan para sa Philippine Studies 21: Wika, Panitikan, at Kultura sa Ilalim ng Batas Militar sa Pilipinas. Sa aklat palihan, tinipon ng departamento ang mga artikulo at sanaysay ukol sa mga sining at kultura noong panahon ng Batas Militar bilang materyales para sa kursong nabanggit.



Mula sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas at sa arkibo ng UP Diliman Opisina ng Impormasyon

**Marcos Regime Research**

Pinangunahan ng Third World Studies Center ng pamantasan ang "Marcos Regime Research," isang programang isinusulong ang re-prioritisasyon sa mga pananaliksik ukol sa mga kasinungalingang pinalaganap ng diktadurya. Ang mga pananaliksik na ito ay tinipon ng sentro sa antolohiyang "Marcos Lies" na inilimbag noong 2023. Ang aklat na ito ay kontra-publikasyon sa naunang inilabas na aklat na pinamagatang *Let the Marcos Truth Prevail* (2004). Bahagi rin ng programang ito ang ilan pang mga presentasyon ng saliksik, tulad ng "UP <3 Marcos" isang pampublikong forum na inorganisa ng sentro noong 2023.






Mula sa Third World Studies Center

# Pandemya

Sa harap ng pandemyang Covid-19, ipinakita ng komunidad ng UP Diliman ang taos-sa-pusong malasakit at pagdadamayan sa pamamagitan ng iba't ibang programang pangkalusugan na tumulong hindi lamang sa mga mamamayan ng Lungsod Quezon ngunit maging sa buong bansa. Sa unang mga buwan ng pandemya ay agad na tumugon ang Philippine Genome Center sa *whole genome* at *targeted sequencing* ng SARS-CoV-2 virus para sa pagpapaunlad ng mga sarili nating SARS-CoV-2 RT-PCR kit. Binuksan din ng pamantasan ang Silungang Molave at Kanlungang Palma, dalawang *community isolation facility* na kumanlong sa mga nagpositibo sa *virus* sa mga komunidad nito. At sa pakikipagtulungan ng lokal na pamahalaan ng Lungsod Quezon, itinaguyod ng pamantasan at ng halos limang daang *volunteers* ang programang "Bakunahan sa Diliman" na mahusay na nakapagbigay ng bakuna sa libo-libong mamamayang Pilipino sa loob ng walong buwan.








Mula kay Dra. Oliva S. Basuel, kay Jefferson Villacruz ng UPDIO, sa Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, at sa arkibo ng UP Diliman Opisina ng Impormasyon

# PAGTANAW

Sa loob ng 75 taon, tinahak at patuloy na tinatahak ng Unibersidad ng Pilipinas ang malubak na daan patungo sa pagiging isang tunay na pamantasan ng bayan. Hanggang sa kasalukuyan, batid pa rin ang iba't ibang hamon na tumatawid mula sa mga silid-akademiko tungo sa mga lansangan kasama ang bayan.

Sa pamamalagi at pakikibahagi ng UP Diliman, ang mga kuwento ng talában ay mga kuwento ng kabiguan sa lahat ng kakulangan; ng pagkawalay mula sa mga nawalang gusali at kasama; at ng tunggalian para sa espasyo at tinig na malaya. Gayumpaman, ang mga ito ay mga kuwento rin ng damayán sa mga mapanubok na panahon tulad ng pandemya; ng pagkakapit-bisig laban sa militarisasyon at kawalang hustisya; at ng pag-asa na naipamamalas sa bawat martsa, tuklas, at likha. Hanggang sa mga susunod na dekada, aasahang ang bawat hakbang ng pamantasan ay patuloy na pagbubuo ng isang kinabukasang nagmumula at nag-aalay para sa bayan.

# TALASANGGUNIAN


**Primaryang Batis**

Bonifacio, Armando. "Reflections on the Problem of the General Education for the University of the Philippines." Quezon City: College of Liberal Arts, 5 Agosto 1959.

The Carillon: Official Publication for the University Alumni
*The Carillon: Official Publication for the University Alumni*, Enero-Pebrero 1970
*The Carillon: Official Publication for the University Alumni*, tomo XII, blg. 8, 1969
*The Carillon: Official Publication for the University Alumni,* tomo. 14, blg. 7, Nobyembre-Disyembre 1972

Dabu, Fred. "UPD Hosts Solidarity Night for Palestinian Refugees." *University of the Philippines Website*. 12 Disyembre 2023. Binuksan 22 Pebrero 2024, https://up.edu.ph/upd-hosts-solidarity-night-for-palestinian-refugees/.

The Diliman Star
Housing Boom is On: Million-Peso Project Benefits Faculty Men." *The Diliman Star*, tomo 1, blg. 1, 11 Oktubre 1952, p. 1.
"Most Campus Dorms Planning Expansion." *The Diliman Star*, tomo 1, blg. 1, 11 Oktubre 1952, p. 12.
"Three-Fourth Million Pesos Worth of Business Done on Campus." *The Diliman Star*, tomo 1, blg. 1, 11 Oktubre 1952, p. 9.

"Memorandum No. 42: Guidelines for the Operation of Kiosks and Mobile Food Trucks in UP Campus." *The University of the Philippines Gazette*, tomo XIII, blg. 1, Enero-Marso 1982, p. 94-95.

The Philippinensian
*The Philippinensian 1915*
*The Philippinensian 1917*
*The Philippinensian 1920*
*The Philippinensian 1926*
*The Philippinensian 1929*
*The Philippinensian 1930*
*The Philippinensian 1931*
*The Philippinensian 1942-1946*
*The Philippinensian 1950*
*The Philippinensian 1966*

The Philippine Collegian
Chan, Kira. "Study group to assess UP admissions policy." *The Philippine Collegian*, 7 Agosto 2013, p. 3.
Garrido, Chat. "Ipaglalaban namin ang aming karapatan - KNL Farmers Coop." *The Philippine Collegian*, 13 Pebrero 1992, p. 3.
Garrido, Chat. "Mga sakahan sa Krus na Ligas pinagiba ng admi." *The Philippine Collegian*, 15 Enero 1992.
Irorita, Franz Christian D. "UP mulls over shifting school opening to August." *The Philippine Collegian*, Taon 91, blg. 22, 5 Pebrero 2014.
Sibal, Maria Sophia. "Protest Against UP-DND Accord Abrogation." *The Philippine Collegian*. Binuksan ng 25 Pebrero 2024, https://phkule.org/graphic-article/91/protest-against-up-dnd-accord-abrogation.

"Sinalakay ang UP!" *The Philippine Collegian*, 4 Pebrero 1971, p. 1.
Villamonye, Bong. "Karapatan sa lupa, ipaglalaban." *The Philippine Collegian*, 25 Hunyo 1992, p. 2.

SINAG
Jayme, Aaron. "The AS Split: A House Divided." *SINAG*, Nobyembre 1983, p. 3-4.
Pineda, Gigi. "UP Squatters: Pinaganda na namin, Bakit sisirain pa?" *SINAG*, Nobyembre 1983, p. 6.

Tenmatay, Augusto L. "General Education in the University of the Philippines." *University College Journal* 1, blg. 1 (Unang Semestre, 1961): 30-49.

University Archives: Bienvenido Gonzalez Papers
Box 26, Folder 13, "People's Homesite - Diliman, Quezon City," n.d.
Box 26, Folder 15, "Plan of QC Printed," n.d.
Box 43, Folder 5, "University of the Philippines Quadragesimal Anniversary & Open House Program," 11-12 Pebrero 1949.
Box 44, Folder 24, "Diagrammatic Sketch of the University of the Philippines Site at Diliman, Quezon City Showing Important Buildings and Structures," n.d.
Box 44, Folder 24, "UP Diliman Site," n.d.
Box 45, Folder 22, "Transfer of UP to Diliman Site," Deed of Sale, 13 Enero 1949.

University Archives: Salvador P. Lopez Papers
Box 32, Folder 13, "Lopez notes enrolment, plugs for external units," U.P. Newsletter, 8 Hunyo 1973.

University Archives: Vidal A. Tan Papers
Box 3, Folder 2, "Construct faculty houses soon," Philippine Collegian, 6 Hulyo 1956.

UP Media and Public Relations Office. *President's Report 1996*. Quezon City: University of the Philippines, 1996.

**Sekondaryang Batis**

Alfonso, Oscar M., pat. *Sites and Symbols 2: UP Diliman Landmarks*. Quezon City: Office of the Chancellor University of the Philippines Diliman, 2005.
Camagay, Ma. Luisa T. *Lungsod na May Kaluluwa*. Quezon City: Camagay Publishing, 2019.
Caruncho, Eric S., Jose Y. Dalisay, Jr., Alice G. Guillermo, Jose F. Lacaba, at Regina A. Samson. *Quezon City at 75: Resurgent & Resilient*. Quezon City: Local Government of Quezon City at Erewhon Artworld Corporation, 2014.
Cruz-Lucero, Rosario, Ruth Jordana Luna Pison, Mila D. Aguilar, at Alexander M. Dacanay. *A History of the University of the Philippines. Volume Two: 1943-1975*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2021.
Dovey, Kim, at Redento B. Recio. *Informal Settlement on UP Diliman Campus: A Preliminary Study of Spatial Conditions and Possibilities.* Quezon City: UP Center for Integrative and Development Studies, 2024. https://cids.up.edu.ph/download/informal-settlement-up-diliman-campus/.

Estepa, Francesca Allysa. *Naratibo ng Paglaban sa Gentripikasyon: Pagbubuo ng Kasaysayan ng Krus na Ligas mula sa Salaysay ng mga Magsasaka*. Di-gradwadong tesis sa Batsilyer ng Arte sa Araling Pilipino, Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Hunyo 2023.

Fajutagana, Leonora M., at Rosario Cruz-Lucero. *A History of the University of the Philippines. Volume One: 1908-1943.* Quezon City: University of the Philippines Press 2020.

Feliciano, Gloria D., pat. *The University of the Philippines: A University for Filipinos.* Metro Manila: UP Institute of Mass Communication, UP Communication Research and Development Foundation, Inc., at Edwina K. Arroyo Design, 1984.

Gonzalez, Narita Manuel at Gerardo T. Los Baños, pat. *U.P. Diliman: Home and Campus.* Quezon City: University of the Philippines Press, 2010.

Jose, Ricardo T., Laura L. Samson, at Gianne Sheena Sabio. *Celebrating the Birth and Rebirth of the U.P. College of Liberal Arts (1910-1983).* Quezon City: The U.P. College of Arts and Sciences Alumni Foundation, Inc., 2011.

Pante, Michael D. "Far from Isolation: The Spatial Politics of the Relocation of the Main Campus of the University of the Philippines, 1930s–1970s." *Sojourn: Journal of Social Issues in Southeast Asia* 33, blg. 3 (Nobyembre 2018): 499-535.

Roman, Emerlinda, for., and Ruben D. Defeo, int. *Sites and Symbols: UP Diliman Landmarks.* Quezon City: Office of the Chancellor University of the Philippines Diliman, 2000.

Santiago, Luciano P.R. "The Last Haciendera: Doña Teresa de la Paz, 1841-1890." *Philippine Studies* 46, blg. 3 (1998): 340-360.

UPD OVCAA at ODI, sa tulong ng GE Committee. "UP General Education Through the Years: A Timeline from 1910 to 2016." Quezon City: University of the Philippines, 2016.

"History." University of the Philippines Integrated School Website. n.d. Binuksan 1 Pebrero 2024, https://www.upis.upd.edu.ph/history.html.

**Mga Eksibisyon**

De La Paz, Cecilia S. at Ricardo Jose, curator. "Lupang Hinirang: Mga Kuwento ng Pagsasalugar ng UP Diliman." Bulwagan ng Dangal University Heritage Museum. Pebrero-Mayo 2019.

De La Paz, Cecilia S., curator. "Engkwentro: Sa(la)ysay ng Diliman Commune." Online Website <https://engkwentro.upd.edu.ph>. Simula Pebrero 2021.

Jose, Mary Dorothy, team lead. "Rizal Hall@100: A Witness to History. A Testament to History." Online Website. <https://cas.upm.edu.ph/rizalhall@100>. Simula 2021.

Lico, Gerard Rey, curator. "Shared Heritage: UP Diliman and Quezon City." UP Theater Lobby. Pebrero-Marso 2015.

Salas, Louise Anne, curator. Pagsasangang-dunong: An Exhibit Commemorating the 35th Anniversary of the College of Arts and Letters, the College of Social Sciences and Philosophy, and the Tri-College PhD in Philippine Studies Program." Palma Hall Lobby. Pebrero 2019.

**Mga Panayam**

Mga panayam kasama ng iba't ibang miyembro ng pamayanan, Enero-Pebrero 2024

# PROJECT TEAM

Mark Louie L. Lugue
*Curator*

Frances Anna V. Bacosa
*Co-Curator*

Cecilia S. De La Paz, PhD
Eilene Antoinette Narvaez
Monica Fides A.W. Santos
*Consultants*

Emmanuel Jayson V. Bolata
Rose Angelie M. Hernandez
*Research Leads*

John Carlos B. Duque
Francesca Allysa Estepa
Nicole Margaret Villabroza
Marlyn Narvasa
Ryan Cezar Alcarde
*Research Assistants*

Mariannel Crisostomo
*Graphic Designer*

Noel Jessie Aquino
*Audio and Video Editor*

Josee Marie Pleños
*Image Editor*

Eilene Antoinette Narvaez
Emerald F. Manlapaz
*Copyeditors*

Ma. Giesil Carina D. Merin
*Exhibition Coordinator*

Patrick Aldous Reyes
Jan Kyle Merin
Czarina Caye Lopez
*Exhibition Assistants*

Napoleon Rivera
*Head Carpenter*

Luisito R. Mainot
Esperanza G. Dela Cruz
John Emerson M. Romanillos
Carlo F. Maligaya
Roberto F. Esportuno Jr.
Rency F. Pulido
Marifi G. Achico
*Production Assistants*

Luisa Andrea L. Elago
*Documenter*

Johannah Mae O. Razal
*Project Coordinator*

Christel Love J. Manalo
*Opening Program Head*

# PASASALAMAT


UPD Office of the Chancellor
UPD Vice Chancellor for Administration
UPD Vice Chancellor for Community Affairs
UPD College of Education
UPD College of Social Sciences and Philosophy
UPD School of Archaeology
UP Diliman Campus Maintenance Office
UP Diliman Information Office
UP Diliman Office of Student Housing
UP Diliman University Health Service
UP Center for Ethnomusicology
UP Media and Public Relations Office
University Main Library
University Archives
UP Main Library Serials Section
College of Business Administration Library
Electrical and Electronics Engineering Institute
STAMINA4Space
Third World Studies Center
Philippine Genome Center
Samahan ng Manininda sa UP Campus
Defend UP Network
University Student Council
University Archive Division Staff
UP Aguman
UP Covid19 Response Volunteers
Department of Science and Technology Advanced Science and Technology Institute
Fundacion Sansó
Save Our Schools Network

Lance Agustin
Don Alejandro Aison
Johnny A. Azusana
Frances Anna V. Bacosa
Rachell Bacsa
Kariema Bagas
Stanley Don Barroga
Rowena Bayon
Paulencio Belonio
Chad Booc
Jacelle Isha B. Bonus
Elle Buntag
Prop. Jose Wendell P. Capili, PhD
Consolacion Cabrera
Mirko Clemente
Leslie Corpuz
Adelaida Cruz and Moises Cruz
Kgd. Felix Cuevas
Prop. Soledad Natalia M. Dalisay, PhD
Catherin Dalon
Riem Dante, RND
Prop. LaVerne David de la Peña, PhD
Prop. Jose Carlo G. De Pano, PhD
Chino de Vera
Dr. Edelina dela Paz
Christelle Delvo
Rev. Fr. Jover E. Domanico
Celina Donato

Raymond Doromal
Ricky P. Francisco
Veronica Fuentes
Adrian E. Gabriel
Kenneth Roland Guda
Karitha Ana Guerrero-Ordiz
Prop. Ramon Guillermo, PhD
Narry Hernandez
Victor Izunsa
Jan Jaboneta
Prop. Ricardo T. Jose, PhD
Felicitas L. Lacbawan, MD
Myrissa Melinda Lacuna-Alip, MD MHA, FPAFP
Joan Lilo-an
Czarina Caye R. Lopez
Prop. Pauline Bianca Ma-alat
Satsuaki Macahilig
Pamela Kamil E. Manalo
Ma. Giesil Carina D. Merin
Prop. Armand Salvador Mijares, PhD
Prop. Emeritus Flora Elena R. Mirano, PhD
Merselle F. Montes
Prop. Maria Dulce F. Natividad, PhD
Jose Nicdao
Trysia Mae Ocampo
Roan May Opiso
Peter John Panelo
Felix Pariñas
Ericka Picar
Prop. Khrysta Imperial Rara
Johannah Mae O. Razal
Leonardo A. Reyes
Miguel Paolo P. Reyes
Prop. Robin Daniel Z. Rivera
Phoebe Mae Rostrata
Prop. Louise Anne M. Salas
Elaine Benett Salvador
Jay Vladimir P. Samar
Ja Samonte
Siska Santiago
Julian B. Santos
Prop. Monica Fides A. W. Santos
Prop. Louise Jashil Sonido
Prop. Maricor N. Soriano, PhD
Ivan Sucgang
Alyssa Suico
Brian Sulicipan
John Tewell
Toni Tiu
Paul Cyril Torrente
Jeremiah C. Torrico, RND, MD
Angelica Villanueva
Katrina Nicole Yap

## OFFICE FOR INITIATIVES IN CULTURE AND THE ARTS

Prop. Monica Fides A. W. Santos
Prop. Luis Maria T. Bo-ot, PhD
Prop. Ma. Patricia
Brillantes-Silvestre, PhD
Prop. Jose Carlo G. de Pano, PhD
Prop. Francis Carlos B. Diaz
Prop. Josefina F. Estrella
Prop. Shirley V. Guevarra, PhD
Prop. Giovanni Francis A. Legaspi
Prop. Ruth R. Lusterio-Rico, PhD
Prop. Jimmuel C. Naval, PhD
Prop. Fernando dlC. Paragas, PhD
Prop. Marc J. San Valentin
Prop. Henelito A. Sevilla Jr., PhD
*Advisory Board*

Monica Fides A. W. Santos
*Director*

Mark Louie L. Lugue
*Project Development Associate*

Phoebe Mae D. Rostrata
Maria Lourdes B. Arandia
Frances Anna V. Bacosa
Johannah Mae O. Razal
Christel Love J. Manalo
Cyprian Jeremiah Q. Damot
Luisito R. Mainot
Esperanza G. Dela Cruz
*Staff*

## BULWAGAN NG DANGAL UNIVERSITY HERITAGE MUSEUM

Marifi G. Achico
Roberto F. Esportuno Jr.
Mark Louie L. Lugue
Carlo F. Maligaya
Ma. Giesil Carina D. Merin
John Emerson M. Romanillos
*Team*

# UP Diliman Arts and Culture Festival 2024

*The UPD ACF 2024 carries the theme,* "Pamamalagi at Pamamahagi," *continuing the narrative/s of placemaking* (pagsasalugar) *depicted in UPD ACF 2019, which highlighted processes of habitation in Diliman as a community "settled" into its new space. "Settling" is the process of establishing oneself securely in place, of coming to a desired position and becoming stable or permanent. However, "settling" also involves disruption. Settling into Diliman meant the expansion of the campus and entailed the reorganization of space and the environment as well as forms and relations of habitation. This was soon followed by the expansion of the frontiers of knowledge and the scope of our academic engagements.*

*After 75 years, we reflect on the unwavering commitments of the University as well as the forms of disruption that have transpired in this act of settling* (pamamalagi)*. At the same time, the Festival highlights the ways by which the University has, and continues to, nurture and at the same time disrupt knowledge within and beyond the UP community—*pamamahagi*–challenging dominant and normative paradigms in the sciences and the humanities, and transforming standardized modes of learning, discoursing, and placemaking, towards a more humane, just, safe, and progressive society.*

*The activities and events that will be part of the Festival are initiated by UPD-OICA, academic units and student organizations in UP Diliman. They will present, in a variety of creative ways, how the University, in its 75 years of settling in Diliman, nurtured the academic and artistic growth of individual members of the University community, cultivated organically formed social relationships, rituals, and practices that now constitute the living heritage of the University, and created a historically meaningful built environment by and for its diverse inhabitants and the communities beyond.*

OICA

Bulwagan ng Dangal

University Heritage Museum